2602 - 1685

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I
SCHOOLS DIVISION OF VIGAN CITY

Advisory No. 56, s. 2026

In compliance with DepEd Order (D.O.) No. 8, s. 2013
The advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd Officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.

**KWF DANGAL NG PANITIKAN 2026, TALAANG GINTO: MAKATA NG TAO 2026 AT IBA PANG PATIMPALAK**

Bilang pagtukoy sa Pangrehiyong Paalala Bilang 30, s. 2026, ipinababatid ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang pagbubukas ng pagsumite para sa Dangal ng Panitikan 2026, Talaang Ginto: Makata ng Taon 2026 at iba pang patimpalak.

Ang Dangal ng Panitikan ang pinakamataas na pagkilala sa naiambag sa panitikang Pilipino. Ang Talaang Ginto: Makatao ng Taon 2026 ay naglalayong pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilala sa mga makata sa sining ng tula.

Ang paglahok sa nasabing aktibidad ay boluntaryo at susunod sa patakaran ng hindi pag-aabala sa mga klase ayon sa DepEd Order Blg. 9, s. 2005.

Para sa karagdagang detalye kaugnay ng mga timpalak na ito, sumangguni sa kalakip na panuntunan at gabay.

SGOD/ahem/ADV_KomisyonWikangFilipino
February 24, 2026

SCHOOLS DIVISION OFFICE
DEPED VIGAN CITY
26 FEB 2026
RELEASED
BY:

**Address:** Mena Crisologo St. corner Rivero St., Brgy. IX, Vigan City, Ilocos Sur
**Telephone No:** (077) 722-20-23 / (077) 632-05-33
**Email Address:** vigan.city@deped.gov.ph
Website: www.depedvigancity.com

*Your Feedback is important to us. Visit this link* **bit.ly/SDOViganCityCSM**

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. 1
RECEIVED
005788
BY: DATE:
FEB 23 2026

Advisory No. 30, s. 2026 2602-0085 E315

FEB 23 2026

In compliance with DepEd Order (D.O) No. 8, s. 2013
but only for the information of DepEd Officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

**KWF DANGAL NG PANITIKAN 2026, TALAANG GINTO: MAKATA NG TAON 2026 AT IBA PANG TIMPALAK**

Ipinababatid ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang pagbubukas ng pagsusumite ng nominasyon para sa Dangal ng Panitikan 2026 at Talaang Ginto: Makata ng Taon 2026. Ang Dangal ng Panitikan ay ang pinakamataaas na pagilala sa naiambag sa panitikang Pilipino o lifetime achievement award. Samantala, ang Talaang Ginto: Makata ng Taon 2026 ay isang patimpalak sa pagsulat ng tula na naglalayong [asiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilala sa mga makata sa sining ng tula.

Kaugnay ng mga nabanggit na timpalak, ang Komisyon sa Wikang Filipino ay tumatanggap na rin ng mga lahok para sa Tula Tayo 2026 at Timpalak Tulang Sensyas 2026. Ang Tula Tayo 2026 ay isang onlayn na timpalak sa pagsulat ng katutubong tula gaya ng Dalit, Diyona, at Tanaga. Ang Tulang Senyas 2026 naman ay kauna-unahang pagtimpalak sa pagtula sa pasenyas na paraan. Itinataguyod ito ng KWF na naglalayong palaganapin ang Filipino Sign Language (FSL) bilang tunay na wika at pagsulong ng Filipino Deaf culture sa pamamagitan ng panitikan

Para sa karagdagang detalye kaugnay ng mga timpalak na ito, sumangguni sa kalakip na panuntunan at gabay.

Ang paglahok ng mga guro/at o edukador mula sa Kagawaran ng Edukasyon, kapuwa publiko at pribado, sa nabanggit na webinar ay boluntaryo. Ang gawain ay dapat alinsunod sa polisiyang *no-disruption-of-classes* na itinatakda ng DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na "*Instituting Measures to Increase Engaged Time-On-Task and Ensuring Compliance Therewith.*"

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan kaugnay sa patimpalak na ito, maaaring makipag-ugnayan sa:

**KWF Serye ng Webinar**
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod Maynila
Numero ng telepono blg. 0928-844-1349

CLMD/jdd/ADV_KWFSeryengWebinar
February 23, 2026

Outlook

## Re: Press Release ng Komisyon sa Wikang Filipino(TALAANG GINTÔ: MAKATA NG TAÓN 2026, tumatanggap na ng lahok!)

From kwf press release <kwf.pressrelease@kwf.gov.ph>
Date Wed 2/18/2026 1:49 PM
To DEPED I ILOCOS REGION <region1@deped.gov.ph>

1 attachment (270 KB)
Tula Tayo.jpg;

DepEd RO1 Documan
REC2602355

**TULÂ TÁYO2026!**

Ang Tulâ Táyo ay isang onlayn na timpalak sa pagsulat ng katutubong tulâ. Pangunahing layunin nito na palaganapin ang talino sa pamamagitan ng paglikha ng tulâ na nakasulat sa wikang Filipino na nagpapamalas ng maiglang partisipasyon ng makakata sa ibang rehiyon ng bansa. Bukás ang timpalak sa mga dalít, diyóna, at tanagà na nakasulat sa wikang Filipino na pumapaksa tungkol sa tema ng Buwan ng Panitikan 2026 na Bekët (Bigkis) Panitikan sa Katwiran at Kalikasan.
Mga Tuntúnin:
1. Ipapaskil ang mga tulâ—diyóna, dalít, o tanagà—sa seksiyon ng mga komento at sa google form link (gagawin pa lámang) ng nakatalagang poster ng bawat anyo ng tulâ upang maging opisyal na lahok ito.
Susundin ang sumusunod na iskedyul para sa pagpapaskil:
PETSA NG PAGTANGGAP NG LAHOK ANYO
23–27 Pebrero 2026 Dalít
2-6 Marso 2026 Diyóna
9-13 Marso 2026 Tanagà
2. Magiging opisyal ang mga lahok kapag ipinasok ito sa google form link na matatagpuan sa opisyal na Facebook page ng Komisyon sa Wikang Filipino.
3. Tatanggap ng mga orihinal na tulâ na nakasulat sa wikang Filipino at nása antas tudlikan. Gawing tema ng tula ang tungkol sa tema ng Buwan ng Panitikan 2026.
4. Tatanggap ng isang libong piso (PHP1,000.00) ang unang sampung (10) magwawagi sa bawat anyo. Ipapaskil sa opisyal na website at social media ng KWF ang mga magwawagi sa bawat anyo ng tula.
5 Pinal at hindi na mababago ang magiging pasiya ng mga hurado ng timpalak.
* * *

On Wed, Feb 18, 2026 at 12:46 PM kwf press release <kwf.pressrelease@kwf.gov.ph> wrote:

**Timpalaksa Tulang Senyas2026**

**Tuntunin**:

1. Ang Tulang Senyas ay kauna-unahang patimpalak sa pagtulâ sa pasenyas na paraan. Itinaguyod ito ng KWF na naglalayong palaganapin ang Filipino Sign Language (FSL) bilang tunay na wika, pagsulong ng Filipino Deaf culture sa pamamagitan ng panitikan, kilalanin at bigyang-puwang ang di-matatawarang kakayahan at husay ng mga kababayang Deaf, at makapag-ambag silá sa panulaang Filipino ng kanilang obra sa pamamagitan ng pasenyas na pagtulâ.

2. Bukás ang timpalak sa lahat ng Pilipinong mag-aaral sa Junior at Senior High School at Kolehiyo na bingi o hard-of-hearing na matatas sa FSL, babae man o lalaki, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang mga kaanak. Ang timpalak ay may dalawang (2) kategorya: JHS/SHS at Kolehiyo.

3. Ang entring ipapása ay isang tulang senyas na hindi bababâ sa limang (5) minuto. Kinakailangang may pamagat ang ipapásang koleksiyon. Ang paksâ ng tulâ ay salig sa sa tema ng Buwan ng Panitikan 2026 na Bekët (Bigkis) Panitikan sa Katwiran at Kalikasan.

4. Maaari ding ialinsunod ang paksâ ng kalipunan ng mga tulâ sa tema ng Buwan ng Panitikan 2026. Ang ipapásang tulâ ay malayà (walang tugma at súkat).

5. Ang lahok ay kailangang orihinal at isesenyas gámit ang Filipino Sign Language (FSL), hindi salin ng nalathala nang tulâ, at hindi pa nasesenyas at nalalathala sa alinmang platform. Ang sinumang mahúli at mapatunayang nagkasála ng pangongopya ay kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nitó sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

6. Ang pamantayan sa pagmamarka ay:

Kaangkupan sa Tema (Alignment with (signed) Theme)

Ugnay ang tulâ sa paksa ng timpalak.

Ang nilalaman ay isinenyas sa FSL at salig sa tema ng Buwan ng Panitikan 2026 na "Bekët (Bigkis) Panitikan sa Katwiran at Kalikasan (15%)

Estruktura ng Tulâ at Idea (Structure of Poem and Ideas)

Ang pagpapahayag ay malinaw, magkakaugnay, organisado, at nakapanghihikayat. (15%)

Orihinalidad (Originality)

Ang tuláng senyas ay orihinal at hindi pa naisesenyas o nalalathala sa alinmang platform. Ang gumawa ng tuláng senyas at ang sumenyas sa lahok na video ay iisang tao lámang. (25%)

Pagkamalikhain at Pampanitikang Pagsenyas (Creativity, Literary Technique or Devices, e.g. iconicity, visual rhyme, metaphor, etc.)

Naipamalas ang kakayahang ipahayag ang tulâ sa pamamagitan ng malikhaing pagsenyas ng mga kamay atbp. (40%)

Kahandaan ng Kalahok (Demeanor)

Kakikitahan ang kalahok ng kahandaan, tiwala sa sarili, tamang tindig, at angkop na galaw ng katawan. (5%)

7. Pára sa pagsusumite ng lahok, ilakip sa Google form na <https://forms.gle/DJWHReJNsWKtB9mt7> ang sumusunod:

⇒ Isang (1) rekorded na video file ng bersiyon ng tulâ sa FSL at sa format na .mp4 o .mov.

⇒ I-save ito gamit ang format na: Tulang Senyas_Apelyido_Pamagat_2;

⇒ Entri form/Pormularyo ng Paglahok <https://tinyurl.com/3x757bky>

⇒ Sertipikasyon o katibayan bílang Deaf o Hard-of-Hearing na Pilipino;

⇒ Scanned copy ng PWD ID;

⇒ Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok;

⇒ Curriculum vitae at/o resume ng kalahok; at

⇒ Isang (1) half body na retrato ng kalahok (.jpeg format).

8. Ipadalá ang lahok sa Google link na nasa aytem 7 na may paksa o subject na: Tulang Senyas_Apelyido_Pamagat.

9. Ang huling araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 13 MARSO 2026, 5:00 nh. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.

10. Magpapadalá ang KWF ng mensahe (email) kung natanggap na ang lahok.

11. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

Para sa Kategoryang JHS/SHS:

Unang gantimpala, PHP10,000 (net), plake, at medalya;

Ikalawang gantimpala, PHP7,500.00 (net) at plake; at

Ikatlong gantimpala, PHP5,000.00 (net) at plake.

Para sa Kategoryang Kolehiyo:

Unang gantimpala, PHP10,000 (net), plake, at medalya;

Ikalawang gantimpala, PHP7,500.00 (net) at plake; at

Ikatlong gantimpala, PHP5,000.00 (net) at plake.

12. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.

13. Ang lahat ng mga natanggap na lahok ay hindi na ibabalik at angkin na ng KWF ang video, kasáma ang unang opsiyon sa online publication ng video ng mga nagwaging lahok.

14. Pára sa karagdagang detalye, mag-email sa <timpalak.gawad@kwf.gov.ph>.

**Paalala**: Para sa pagbubukas ng mga link, tiyaking kayo ay naka-login sa inyong google account upang ma-access ang mga pormularyo.

* * *

On Wed, Feb 18, 2026 at 12:44 PM kwf press release <kwf.pressrelease@kwf.gov.ph> wrote:

**Magsumite ng nominasyon sa Dangal ng Panitikan 2026!**

**TUNTUNIN**:

1. Ang Gawad Dangal ng Panitikan ay ang pinakamataas na pagkilála sa naiambag sa panitikang Pilipino o lifetime achievement award. Binibigyang-pagpupugay nitó ang natatanging manunulat na nagpakita ng pagpapahalaga sa kultura, wika, at talinong pamana sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at ibá pang wikang panrehiyon o panlalawigan.

2. Bukás ang nominasyon sa mga institusyon at/o manunulat—laláki man o babae—na nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan ng Pilipinas. Ang mga ambag ay dapat na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

3. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limang (5) taón.

4. Mayroong katipunan ng mga akdâ o gawaing nakapag-ambag sa panitikang Pilipino at mga katutubong wika ng Pilipinas (kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).

5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mula sa labas ng KWF.

6. Pára sa nominasyon, ihanda ang limang (5) kopya ng sumusunod na kompletong dokumento:

⇒ KWF Pormularyo sa Nominasyon <https://tinyurl.com/44pmsx33>;

⇒ Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;

⇒ Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at

⇒ Mga pruweba sa katipunan ng mga akdâ na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

7. Ilagay sa expandable envelope ang mga tinukoy sa bílang 6 at ipadalá sa adres na nása ibaba:

Lupon sa Gawad Dangal ng Panitikan 2026

Komisyon sa Wikang Filipino

2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,

San Miguel, Lungsod Maynila

8. Ang hulíng araw ng pagpapása at pagtanggap ng nominasyon ay sa 13 MARSO 2026, 5:00 nh.

9. Gagawaran ang isang (1) indibidwal at (1) samahan. Maaari ding walang tatanghaling magwawagi sa alinmang kategorya.

10. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.

11. Ang tatanghaling Dangal ng Panitikan 2026 ay tatanggap ng naturang gawad sa iginagayak na programa ng Gabi ng Parangal sa alinmang petsa sa Abril 2026.

12. Pára sa ibá pang detalye, magpadalá ng email sa <timpalak.gawad@kwf.gov.ph>.

**Paalala**: Para sa pagbubukas ng mga link, tiyaking kayo ay naka-login sa inyong google account upang ma-access ang mga pormularyo.

* * *

On Mon, Feb 16, 2026 at 12:44 PM kwf press release <kwf.pressrelease@kwf.gov.ph> wrote:

**TALAANGGINTÔ: MAKATANG TAÓN 2026, tumatanggapna ng lahok**!

**TUNTUNIN**:

1. Ang Talaang Gintô: Makata ng Taón ay isang patimpalak sa pagsulat ng tulâ na naglalayong pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilála sa mga makata sa sining ng tulâ.
2. Bukás ang timpalak sa lahat ng mga Pilipino—babae man o laláki—maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak. Gayundin, ang mga nagwagi ng limang (5) beses bílang Makata ng Taón na ituturing nang Hall of Fame ay hindi na rin kalipikadong lumahok.
3. Ang entring ipapása ay maaaring isang mahabang tulâ (humigit-kumulang sa isang daang (100) taludtod) o isang koleksiyon ng sampung (10) maiikling tulâ (maaaring kulang sa 10 taludtod o humigit sa 15 taludtod ang bawat tulâ) na may magkakaugnay na tema. Kinakailangang may pangkalahatang pamagat ang ipapásang koleksiyon.
4. Malayà ang paksâ ngunit kailangang tumatalakay sa gampanin ng mga katutubong wika sa pagpapanatili ng kapayapaang panlipunan. Ang ipapásang mahabang tulâ o maiikling tulâ ay malayà (walang tugma at súkat). Maaari ding ialinsunod ang paksâ ng kalipunan ng mga tulâ sa tema ng Buwan ng Panitikan 2026 na Bekët (Bigkis) Panitikan sa Katwiran at Kalikasan.
5. Ang lahok ay kailangang orihinal at nasusulat sa Filipino, hindi salin ng nalathala nang tulâ, at hindi pa nalalathala sa alinmang publikasyon, onlayn man at print. Ang sinumang mahúli at mapatunayang nagkasála ng pangongopya ay kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nitó sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
6. Itinatagubilin ang paggámit ng KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat (i-download para sa libreng sipi sa website ng KWF) bílang gabay sa mga aspekto na mahalaga at kahingian upang makasunod sa mga tuntúning nakasaad dito.
7. Pára sa pagsusumite ng lahok, ilakip sa brown envelope ang sumusunod:
⇒ Apat (4) na kopya ng kompiyuterisadong lahok. Gamítin ang font na Arial 12 pt, may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaprint sa short bond paper na may súkat na 8 ½ x 11 pulgada;
⇒ Hindi lalagyan ng sagisag-panulat (pen name) ang mga isusumiteng lahok, tanging sa pormularyo ng paglahok /entri form lámang ito ilalagay o makikita;
⇒ Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok;

⇒ Entri form/Pormularyo ng Paglahok <https://tinyurl.com/34h348tx>;
⇒Curriculum vitae o bionote ng makata;
⇒Isang (1) half body na retrato ng kalahok; at
⇒ipadalá ang lahok sa koreo sa:

**Luponsa TalaangGintô 2026**
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, San Miguel, Lungsod Maynila

8. Para sa onlayn na pagpapadalá ng lahok, ilakip ang sumusunod sa Google link na ito **https://forms.gle/odBrFyFiLDouBytz9**:

⇒ Kopya ng kompiyuterisadong lahok (.doc format). Gagamitin ang font na Arial 12 pt, single spaced sa 8 ½ x 11 in (short bond paper) na may palugit na isang (1) pulgada sa itaas, ibabâ, at magkabiláng gilid. Kung makinilyado ang lahok, i-scan at isumite nang naka-pdf format;
⇒ Hindi lalagyan ng sagisag-panulat (pen name) ang mga isusumiteng lahok, tanging sa pormularyo ng paglahok /entri form lámang ito ilalagay o makikita;
⇒ Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok;
⇒ Entri form/Pormularyo ng Paglahok <https://tinyurl.com/34h348tx>;
⇒ Curriculum vitae o bionote ng makata; at
⇒ Isang (1) half body na retrato ng kalahok (.jpeg format).

9. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 13 MARSO 2026, 5:00 nh. Isasara din ang link para sa onlayn na pagsusumite ng lahok. Kung nagpadala ng lahok sa pamamagitan ng koreo sa hulíng araw, kailangang mag-email ng pruweba ng pagpapadala nitó sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph upang makonsidera sa paghihintay ng lahok.
10. Sa mga nagsumite sa pamamagitan ng koreo, magpapadalá ang KWF ng mensahe (email) kung natanggap na ang lahok.
11. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

Unang gantimpala, PHP30,000 (net) + titulong "Makata ng Taón 2026", tropeo, at medalya;
Ikalawang gantimpala, PHP20,000.00 (net) at plake; at
Ikatlong gantimpala, PHP15,000.00 (net) at plake.

12. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
13. Ang lahat ng mga natanggap na lahok ay hindi na ibabalik at angkin ng KWF ang unang opsiyon sa paglilimbag ng mga nagwaging akdâ.
14. Pára sa karagdagang detalye, mag-email sa <timpalak.gawad@kwf.gov.ph>.

**Paalala**: Para sa pagbubukas ng mga link, tiyaking kayo ay naka-login sa inyong google account upang ma-access ang mga pormularyo.

* * *